

# Ang Pagiging Pribado at ang Inyong Impormasyong Pangkalusugan

## Ang Pagiging Pribado Ninyo Ay Mahalaga Sa Ating Lahat

**Sa palagay ng karamihan sa atin, ang impormasyong nauukol sa ating kalusugan at pagpapagamot ay pribado at dapat protektahan, at gusto nating malaman kung sino ang mayroon nitong impormasyon. Ngayon, ang batas Pederal ay**

- Nagbibigay sa inyo ng mga karapatan hinggil sa inyong impormasyong pangkalusugan
- Nagtatakda ng mga tuntunin at mga limitasyon sa kung sino ang maaaring makakita at makatanggap ng inyong impormasyong pangkalusugan

## Ang Inyong Impormasyong Pangkalusugan Ay Protektado Ng Batas Pederal

**Sino ang kailangang sumunod sa batas na ito?**

- Karamihan sa mga doktor, mga nars, mga parmasya, mga ospital, mga klinika, mga nursing home, at marami pang ibang provider ng mga serbisyong pangkalusugan
- Mga kompanya ng health insurance, mga HMO, karamihan sa mga group health plan ng mga employer
- Mga particular na programa ng pamahalaan na nagbabayad para sa mga serbisyong pangkalusugan, tulad ng Medicare at Medicaid

**Anong impormasyon ang protektado?**

- Impormasyong nilalagay sa inyong medical record ng inyong mga doktor, mga nars, at ng mga iba pang provider ng serbisyong pangkalusugan
- Mga pakikipag-usap ng inyong doctor sa mga nars o sa ibang tao tungkol sa pag-aalaga o sa paggagamot sa inyo
- Impormasyon tungkol sa inyo na nasa computer system ng inyong health insurer
- Impormasyon tungkol sa inyo sa klinikang pinupuntahan ninyo para sa pagsingil.
- Karamihan ng iba pang impormasyong pangkalusugan tungkol sa inyo na hawak ng mga kailangang sumunod sa batas na ito

## Binibigyan Kayo Ng Batas Ng Mga Karapatan Sa Inyong Impormasyong Pangkalusugan


**Ang mga provider at mga health insurer na inaatasang sumunod sa batas na ito ay kailangang tumupad sa inyong karapatan na**

- Humiling na makita at makuha ang kopya ng inyong mga record na pangkalusugan
- Ipadagdag ang mga koreksiyon sa inyong impormasyong pangkalusugan
- Tumanggap ng paunawang nagsasaad kung paano maaaring magamit at maibunyag ang inyong impormasyong pangkalusugan
- Magpasiya kung gusto ninyong magbigay ng pahintulot bago maaaring magamit o maibunyag para sa mga particular na dahilan, tulad ng pagbebenta
- Kumuha ng report tungkol sa kung kailan at kung bakit ibinunyag sa iba para sa mga partikular na dahilan ang inyong impormasyong pangkalusugan
- Kung sa paniwala ninyo ang inyong mga karapatan ay ipinagkakait o ang inyong impormasyong pangkalusugan ay hindi napoprotektahan, kayo ay maaaring
  - Magsampa ng sumbong sa inyong provider o health insurer
  - Magsampa ng sumbong sa Pamahalaan ng U.S.

Dapat kayong magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga mahahalagang karapatang ito, na tumutulong na protektahan ang inyong impormasyong pangkalusugan. Maaari ninyong tanungin ang inyong provider o health insurer tungkol sa inyong mga karapatan. Maaari rin kayong makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa inyong mga karapatan, pati na kung paano magsampa ng sumbong, mula sa website sa www.hhs.gov/ocr/hipaa/



# Pagiging Pribado



## Ang Batas Ay Nagtatakda ng mga Tuntunin at mga Limitasyon sa Kung Sino Ang Maaaring Makakita At Makatanggap ng Inyong Impormasyon

**Upang makatiyak na ang impormasyong tunkol sa inyo ay protektado sa paraang hindi makakahadlang sa pangangalaga sa inyong kalusugan, ang impormasyong tungkol sa ninyo ay maaaring gamitin at ibunyag**

- Para sa paggagamot at sa koordinasyon ng pag-aalaga sa inyo
- Upang mabayaran ang mga doktor at mga ospital para sa mga serbisyong pangkalusugang ipinagkaloob sa inyo at upang matulungan sila sa pagpapalakad ng kanilang mga negosyo
- Sa inyong pamilya, mga kamag-anak, mga kaibigan o iba pang taong tutukuyin ninyo na may kinalaman sa pangangalaga sa inyong kalusugan o sa mga singil para sa mga pangangalaga sa inyong kalusugan, maliban kung tumutol kayo
- Sa pagtitiyak na mahusay ang paggagamot ng mga doktor at ang mga nursing home ay malilinis at ligtas
- Upang pangalagaan ang kalusugan ng bayan, tulad ng pagrereport kapag may trangkaso sa inyong pook
- Upang magbigay ng mga ipinag-uutos na report sa pulisya, tulad ng pagrereport ng sugat na resulta ng pagkakabaril



**Ang inyong impormasyong pangkalusugan ay hindi maaaring gamitin o ibunyag sa iba na walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo maliban kung pinahihintulutan ito ng batas. Halimbawa, kung wala kayong authorisasyon, ang inyong provider sa karaniwan ay hindi maaaring**

- Magbigay ng inyong impormasyon sa inyong employer
- Gumamit o magbunyag sa iba ng inyong impormasyon para sa mga dahilan ng pagbebenta o pag-aanunsiyo
- Magbunyag sa iba ng mga pribadong puna tungkol sa inyong mga session ng mental health counseling

## Para sa Karagdagang Impormasyon

Ito ay isang maikling kabuuran ng inyong mga karapatan at mga proteksyon ayon sa batas pederal hinggil sa pagiging pribado ng impormasyong pangkalusugan. Kayo ay maaaring makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagiging pribado ng impormasyong pangkalusugan at tungkol sa mga karapatan ninyo sa isang paunawa na may pamagat na "Ang Inyong Mga Karapatan sa Pagiging Pribado ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan." Maaari ninyong makuha ito mula sa website sa www.hhs.gov/ocr/hipaa/.

Iba pang mga karapatan hinggil sa pagiging pribado May ibang batas na nagbibigay ng karagdagang proteksyon sa pagiging pribado sa mga pasyente ng mga programang gumagamot sa mga gumon sa inuming may-alkohol at sa droga. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang website sa www.samhsa.gov.

## Pinoprotektahan ng Batas ang Pagiging Pribado ng Inyong Impormasyong Pangkalusugan

**Ang inyong impormasyon ay kailangang panatilihing pribado ng mga provider at ng mga health insurer na inaatasang sumunod sa batas na ito sa pamamagitan ng**

- Pagtuturo sa mga tauhang nagtatrabaho para sa kanila kung paano maaari at paano hindi maaaring gamitin at ibunyag ang inyong impormasyon
- Pagsasagawa ng mga nararapat at makatwiran na hakbang upang mapanatiling protektado ang inyong impormasyong pangkalusugan

## Inilathala ng:

*U.S. Department of Health & Human Services Office for Civil Rights*